Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagkilala sa pang-angkop

Panuto: Ikahon ang lahat ng pang-angkop sa bawat pangungusap.

1. Kunin mo ang mga tuyong damit sa sampayan.
2. Si Manuel L. Quezon ang tinatawag na Ama ng Wikang Pambansa.
3. Hindi kinausap ni Pedro ang mataray na tindera.
4. Sino ang kaibigang matalik ni Rowena?
5. Inaayos nila ang malulubak na kalye ng barangay.
6. Malaking gantimpala ang nakamit ng manlalaro.
7. Huwag dumaan sa madulas na sahig sa may pinto.
8. Dinala nila ang mga kagamitang pang-opisina.
9. Halos naubos ang inipon na pera dahil sa pagsusugal.
10. Tutol ang simbahang Katoliko sa pagsasabatas ng *Reproductive Health Bill*.
11. Tangkilin natin ang mga produktong Pilipino.
12. Maasim na prutas ang hiling ng mamimili.
13. Laganap ang mga industriyang pantahanan sa mga probinsiya.
14. Kailangan ko ng tulong para matapos ang lahat ng mga gawaing bahay.
15. Naglilimos ang matandang pulubi sa labas ng palengke.
16. Ang pagkuha ng lisensiya ay mabagal na proseso.
17. Matulin na taksi ang sinakyan ng dalawang pasahero.
18. Ano ang kasalukuyang kalagayan ng batang pasyente?
19. Nakahanap ako ng asul na sinulid at maliit na butones.
20. Anim na taon siya naghanapbuhay sa ibang bansa.